

MAHAL NA APLIKANTE NG INSURANCE

Bilang bahagi ng inyong aplikasyon para sa insurance, kinakailangan ang isang maikling report na medikal tungkol sa inyo. Ang report na ito ay kokompletuhin ng isang propesyunal na eksaminer mula sa American Para Professional Systems.

Ang APPS ay isang pambansang paramedical na kompanya na inaprubahan ng mahigit 800 kompanya ng insurance. Makatitiyak kayo na ang mga eksaminer ng APPS ay sinanay na medikal na propesyunal ang hahawak ng iyong eksaminasyon sa isang magalang at maingat na paraan.

ANO, KAILAN, AT SAAN

Isang eksaminer mula sa APPS ay kokontak sa inyo upang mag-iskedyul ng appointment sa pinakamaagang maalwang oras. Ang miting na ito ay maaaring ganapin sa inyong bahay, inyong opisina, sa aming opisina o saan mang angkop na lugar. Kapag kinontak kayo ng eksaminer, tatalakayin niya nang eksakto kung ano ang gagawin.

Ang ilang mga posibilidad ay :

- **Report Paramedikal (20 minuto)**

Dalawang pahinang talatanungan (questionnaire) na nagtatanong sa kompletong kasaysayang medikal, mahalagang pananda (taas, timbang, presyon ng dugo, pulso) at sampol ng ihi. **Maghanda sa pagsagot sa mga tanong kaugnay ng kasaysayang medikal ng pamilya.**

- **Kondisyon ng Dugo (10 minuto)**

Kukuha ng sampol ng dugo mula sa inyong braso o daliri tulad ng hinihingi ng kompanya ng insurance. Kukuha rin ng sampol ng ihi. Tanging ang mga pinakuluan, isang gamitang karayom at mga suplay ang gagamitin. Ang sampol ng dugo na ito ay ipadadala sa laboratoryong pinili ng inyong kompanya ng insurance. Ang resulta ay direktang ipadadala mula sa laboratoryo patungo sa opisina ng kompanya ng insurance. **Hindi malalaman ng APPS ang anomang resulta ng test.**

- **Electrocardiogram (20 minuto)**

Kilala rin sa tawag na EKG o ECG. Ito ay isang walang kasakit-sakit na pamamaraan kung saan kinakailangang ilagay ang electrodes sa dibdib, braso, at binti. Kinakailangang humiga sa isang relaks na posisyon sa lugar kung saan walang malalaking kasangkapang elektrikal ang tumatakbo. (May ilang kasangkapang nakakaapekto sa paggana ng EKG). Ito ay isinasagawa sa isang pribadong silid dahil kinakailangan kayong bahagyang magtantal ng damit.

- **Pisikal na Eksaminasyon (25 minuto)**

Karagdagan sa mga binaggit sa report paramedical, magsasagawa rin ng maikling pisikal na eksaminasyon ang aming doktor. Ang kompanya ng insurance ang magtatakda ng parametro ng eksaminasyon.

- **Treadmill EKG (60 minuto)**

Hindi ito isang “mobile” na test o isang pagsusuri na naisasagawa kahit saan. Kung kailangan, tutulungan naming kayong makapag-set ng appointment sa isang doktor na palagay kayo.

- **X-ray (15 hanggang 40 minuto)**

Hindi ito isang “mobile na test o isang pagsusuri na naisasagawa kahit saan. Kung kailangan, tutulungan naming kayong makapag-set ng appointment sa isang doktor na palagay kayo.

MGA KARANIWANG TANONG

Bakit ako? Ito ay bahaging laging isinasagawa sa isang aplikasyon sa insurance

Magkano ba ang aabutin nito? Wala kayong gagastusin dito. Ang kompanya ng insurance ang magbabayad ng lahat.

ILANG MUNGKAHI PARA MAKATULONG SA PAGTITIPID NG ORAS AT MAKUHA ANG WASTONG RESULTA

- Mangyaring ihanda lamang ang **pangalan at tirahan ng iyong doktor** kasama ang mga petsa at dahilan ng mga pagbisita, lalo na sa nakaraang limang taon.

- Mangyaring **uminom ng isang basong tubig** isang oras bago ang appointment upang makapagbigay ng sampol ng ihi.

- Bago ang appointment: **Umiwas sa paninigarilyo at mabibigat na gawain/ehersiyu** sa loob ng dalawang oras; **inuming may alkohol at gamot sa sipon** sa loob ng 24 oras.

- Kung **hinihiling ang hindi** pagkain (fasting), kaugnay ng pagsusuri ng dugo, sasabihan kayo kapag itinakda na ang appointment. Sa fasting, maaari kayong uminom ng tubig, kape na walang creamer/gatas at tsaa na walang asukal.

- Magdala ng **ID na may retrato** (kung maaari ay lisensya sa pagmamaneho).

- Kung kayo ay mayroong tendensyang tumataas ang **presyon ng dugo**, subukang magpa-iskedyul ng appointment sa panahong relaks ang pakiramdam.

- Magsuot ng damit na **maikli lamang** ang manggas o may manggas na madaling maitupi.

- Kung kinakailangan ang mas malaking instrumento sa **pagkuha ng presyon ng dugo** sabihin sa eksaminer kapag makikipag-set ng appointment.

LAHAT NG IMPORMASYONG MAKUKUHA SA EKSAMINASYON AY MAGIGING KOMPIDENSIAL



ANG AMING KOMITMENT

Para mabigyan kayo ng maalwan at komportableng eksaminasyong medikal.

•

Kung mayroong kayong mga katanungan mangyaring tawagan kami. Mahalaga ang inyong koment at mungkahi sa amin.

•

Para sa mainam na resulta, subukang mag-relaks **pinakamababa na ang isang oras** bago ang eksaminasyon.

•

Tawagan ang APPS kung pinayuhan kayong **HUWAG** mag-fasting sa kadahilanang medikal.

•

Lahat ay may kani-kaniyang prioridad,
KAYO ANG AMIN.

IMPORMASYON TUNGKOL SA APPOINTMENT

Petsa: _____

Oras: _____

Lugar: _____


Eksaminer: _____

Tel. ng Eksaminer: _____

MGA REHIYUNAL NA OPISINA NA NAGSISILBI SA

MANGYARING IPAALAM SA NARARAPAT NA OPISINA NG APPS KUNG HINDI KAYO MAKARARATING SA INYONG APPOINTMENT

ANO ANG DAPAT NINYONG MALAMAN TUNGKOL SA BAHAGING MEDIKAL NG INYONG APLIKASYON SA INSURANCE



**PAMBANSANG SERBISYO
WWW.APPSLIVE.COM**